**Missionary Families of Christ**

## Tipan

Sa tulong at gabay ng Panginoon:

1. Mamumuhay ako bilang alagad ni Kristo.
   * Mananalangin at magbabasa ng Bibliya araw-araw.
   * Magsusumikap sa pagiging banal at lubos na Kristiyano.

2. Itinatalaga ko ang aking sarili sa pagtatatag ng isang matibay na pamilya kay Kristo.
   * Ibubuhos ko ang sarili sa paglalaan ng panahon at pagpupunyagi para sa tahanan at pamilya.
   * Ipamumuhay at ipagtatanggol ang kultura ng buhay.

3. Maninindigan ako at magiging masugid na kasapi ng Missionary Families of Christ (MFC).
   * Matapat na dadalo sa mga pulong at makikilahok sa mga opisyal na gawain.
   * Magbibigay ng panahon at pananalapi sa pagtataguyod ng ating misyon.
   * Magpapasailalim sa lahat ng araling pagsasanay at lalahok sa mga pagtitipon ng komunidad.
   * Makikipagugnay sa pagmamahal, katapatan at paggalang sa lahat ng kasapi ng pamilya ng MFC.

4. Magiging saksi ako sa daigdig ng pagmamahal ng Diyos.
   * Masigasig na mangangaral at magtataguyod ng misyon.
   * Magmamahal at maglilingkod sa aking parokya.
   * Magmamahal at kakalinga sa mga kapuspalad.

Ang Panginoong Hesukristo nawa, sa pamamagitan ng ating Inang Mariang banal, ay tulungan akong matapat na maipamuhay ang aking tipan, para sa higit pa Niyang kadakilaan at kaluwalhatian at sa kagalingan ng aking mga kapatid.

**(Oct 07, 2019)**